

Pagbuo at Balidasyon ng Tala ng mga Pang-Unibersidad na Akademik at Administratibong Termino at Nomenklaturang Isinalin sa Filipino

ARIEL URSOLON BOSQUE

aubosque@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

RICARDO H. MOMONGAN JR.

rhmomongan@rtu.edu.ph

Rizal Technological University

ABSTRAK

Mahalaga ang pagkakaroon ng kultura ng pagsasalin sa isang institusyon ng lalong mataas na edukasyon (HEI) para sa operasyon at *stakeholders* nito. Mula rito, layon ng pag-aaral na: maklaster ang mga salita alinsunod sa mga umiiral na kategorya; maisa-isa ang mga konsiderasyong inilapat sa pagsasalin tuon sa posisyon ng salita, konteksto, intensiyon, at target na mambabasa at tagagamit ng salin; at bilang produkto ng pananaliksik, makabuo ng isang tala ng mga naisaling termino at nomenklatura (aytem). Isinakatuparan ang saliksik sa pamamagitan ng *case study research design*, pagkat maituturing ang nabanggit na gawaing pampagsasalin bilang paniniyasat at pagtataya sa kontekstong pangwika ng isang unibersidad bilang lokal ng pag-aaral. Matapos maisaayos ang pagtatala at mabilang ang *frequency* ng mga salita mula sa nakalap na termino at nomenklatura sa tulong ng AntConc, nakalikom ang mga mananaliksik-tagasalin ng 386 na mga aytem. Minamahalaga sa pagsasalin ang *word order adjustment* upang makamit ang kaangkupan, at maitugma ng pagsasaayos ang kaakmaan nito upang higit na maging katanggap-tanggap ang pagtutumbas. Kabilang din sa mga isinaalang-alang ang konteksto at intensiyon ng salin para sa target na mambabasa at tagagamit. Upang matiyak ang kalidad ng salin, nagdaan ang tala sa balidasyon ng mga panloob at panlabas na *validator*, nakatamo ang labing-isang kategorya ng markang *Lubos na Tinatanggap*. Sa pagtataya naman ng *lexical choice*, nangunguna ang Tagalog bilang batayang wika, bagaman ganoon, umiral din ang mga salitang hango sa mga isina-Filipinong Ingles at Kastila na ibinatay ayon sa sitwasyong pangwika ng pook ng pag-aaral. May mga salita ring nanatili na lamang sa orihinal nitong anyo na bunsod ng ganap na pag-aangkop mula sa simulaang wika. Sa kabuoan, panimulang pag-aadhika ang proyekto upang magamit ang wikang Filipino bilang wika ng pamayanang akademik at administratibo, at malunggati ang pagsilang ng isang inklusibo at transformatibong institusyonal na palising pangwika.

Mga Susing-Salita: Pagsasalin, Termino, Nomenklatura, Lexical Choice, Teknikal na Pagsasalin

ABSTRACT

Acquiring a translation culture is pivotal for the effective functioning of a higher education institution (HEI) and to benefit all stakeholders involved. This study aims: to classify words based on existing categories; to identify the considerations applied during the translation process, focusing on word order, context, intention, and the target readers and users of the translation; and to develop a comprehensive list of translated terms and nomenclature (items) as the outcome of the research. A case study research design was employed in conducting the study, as the translation activity involves exploring and assessing the language context of a university in the research locality. The researcher-translators gathered a total of 386 items by compiling and tallying word frequency from the collected terms and nomenclatures using AntConc. The results indicated that the word order arrangement was critical to ensure appropriate semantic transfer, matching the intended meaning accurately. Additionally, careful consideration was given to the context and intention of the translation to cater effectively to its target readers and users. To ensure the quality of the translations, the list underwent internal and external validations, with all sixteen categories receiving “Highly Accepted” ratings. In assessing lexical choices, Tagalog emerged as the primary base language for the translated items, but some words originated from Filipinized English and Spanish due to varying language situations. Certain words retained their original forms as they were directly borrowed from their source language. In conclusion, this project advocates for using Filipino as the language for academic and administrative communication within the institution. It emphasizes the need for an inclusive and transformative language policy to foster a more unified and effective HEI community.

Keywords: Translation, Terms, Nomenclature, Lexical Choice, Technical Translation

PANIMULA

Tumatayang bentaha ang praktika ng pagsasalin para sa mga institusyon ng lalong mataas na edukasyon (HEI), higit sa mga gumaganap na *stakeholders* na direktang benepisyaryo. Dagdag pa, isinusulong din ng pagsasalin ang pag-iral ng inklusibong kultura at komprehensibong pag-unawa sa mga lubos na kailangang prosesong akademik at administratibo. Pinagtitibay nito ang inaargumento ni Philipson hinggil sa imposisyon ng monolingguwalismo sa mga institusyong nagbubunga ng pagkakabura ng kultura at pagkakawala ng lingguwistik at kultural na pagkakakilanlan (3) – pagkat kasabay ng pagtataguyod ng praktika ng pagsasalin ang paglikha ng mga resolusyon sa mga suliraning politikal at kultural (Bhatt, Badwan, at Madiba 425). Sa kasalukuyan, may mga HEI sa bansang primaryang ginagamit ang Ingles bilang *medium* ng instruksiyon, pananaliksik, serbisyong pang-ekstensiyon, komunikasyon, at iba pang mga kaugnay na akademik at di-akademik na gawain. Tumutulay ito sa realidad na bumu(bu)o ang mga ahensiya ng mga polisilyang nagtatakda sa Ingles bilang kanilang institusyonal na wika (i.e., adaptasyon ng mga polisilyang maka-Ingles).

Sa mga nagdaang taon, unti-unti nang nahihikayat ang akademik at administratibong pamayanan ng *Rizal Technological University* (RTU) sa paggamit ng Wikang Filipino sa mga opisyal na korespondensiya at iba pang gawain ng Unibersidad (i.e., mga programa

at daloy ng iba’t ibang seremonya at pagdiriwang). Pagtugon ang mga nabanggit sa pagpapatupad ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335, serye ng 1988, na nag-uutos sa lahat ng mga ahensiya ng pamahalaang gamitin ang Wikang Filipino sa lahat ng mga opisyal na transaksyon at korespondensiya, at bilang isang HEI, mahalagang maisakatuparan ng RTU ang itinatakda nito. Sa katunayan, mula 2021¹ naglalabas ang Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad ng mga kautusang nagsasagang ng paggamit ng Wikang Filipino bilang *medium* ng komunikasyon para sa buong buwan ng Agosto. Hango rin sa karanasan ng RTU ang pinagmulan ng pangangailangan, kontensiyon at kondisyong magkaroon ng estandaradisadong salin ng mga termino at nomenklaturang ginagamit ng mga tanggapan, ranggo, opisyal na titulo, iba pang pangkaraniwang panawag sa loob ng Unibersidad, at mga dokumentong palagian sa sirkulasyon ng komunikasyon. Sa bisa ng Kautusang Pantanggapan Blg. 1042², *Approved Request for the Filipino Translation of Nomenclature in the University*³ mula sa Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad na inilabas noong Agosto 1, 2022, naipanganak ang proyekto⁴.

Mula sa mga kondisyong nabanggit, layon ng papel na: maiuri ang mga nomenklatura at mga kaugnay na termino ayon sa nabuong pagkakalaster; matukoy ang mga natatanging konsiderasyon sa pagsasalin; at makabuo ng tala ng mga naisaling nomenklatura at terminong magagamit ng/sa Unibersidad. Naisakatuparan ang layon sa pamamagitan ng pagtugon sa sumusunod na

1 Isinatuparan ang layuning magamit ang Filipino bilang midyum ng komunikasyon sa bisa ng Pag-eendoso ng Pangulo ng Unibersidad, inilabas noong ika-9 ng Agosto, 2021, Kautusang Pantanggapan Blg. 1056, s. 2022, “Paggamit ng Wikang Filipino sa Komunikasyon at Programa ngayong Buwan ng Agosto 2022, inilabas noong ika-6 ng Agosto, 2022, at Kautusang Pantanggapan Blg. 1706, s. 2023, “Paggamit ng Wikang Filipino sa Komunikasyon ngayong Buwan ng Agosto 2023,” inilabas noong ika-7 ng Agosto, 2023.

2 Sa panunungkulan ni Dr. Ma. Eugenia M. Yangco

3 Maliban sa mga kautusang nabanggit, nagkaroon ng inisyatiba ang mga mananaliksik na magpadala ng liham sa Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad upang mailatag ang intensiyong maisalin ang mga termino at nomenklatura. Nagbunsod ito upang ilabas ang Kautusang Pantanggapan Blg. 1042, s. 2022.

4 Sa kasalukuyan, nakapaglalathala na ng sapat na kopya ang *Publication Office* ng RTU at naipamahagi na sa mga tanggapan ng Unibersidad. Naipatala at nabigyan na ang *output* ng *copyright registration* (CCR 2023-06134-A), gayundin ng ISSN. Nakapagbigay na rin ng pahintulot ang Pangulo ng Unibersidad para sa paggamit at diseminasyon nito. Sa ngayon, nagkaroon na rin ng panibagong *set* ng pagsasalin para sa mga bagong tatag na tanggapan at akademikong programa ng RTU.

mga suliranin:

1. Ano-ano ang mga akademik at administratibong termino at nomenklaturang umiiral sa RTU?
2. Ano-ano ang mga konsiderasyon sa proseso ng pagsasalin?

3. Ano-ano ang mga isinaalang-alang para sa *lexical choice* ng mga isinaling termino at nomenklatura?
Sa kabuoan, narito ang naging balangkas ng pag-aaral:




Figura 1. Balangkas ng Pag-aaral.

Mula sa mamamalas na pangangalap at pagtitipo ng mga termino at nomenklaturang napabilang sa pag-aaral, minamahalaga ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga konsiderasyon sa teknikal na pagsasaling iminumungkahi ni Sison-Buban tuon sa paglalapat ng pragmatiks, at konteksto ng salin, intensiyon ng orihinal na awtor/salin, at target na mambabasa (124-125). Layong mapalutang sa mga konsiderasyon ang mga natatanging praktika sa pagsasaling lumilitaw sa mga isinakatuparang proseso. Kasabay rin nito ang paglalangkap ng elemento ng payak na wika (*plain language*) nang matamo ang malinaw at tiyak na impormasyong bitbit ng mga naisaling aytem. Sa pamamagitan ng mga pagkokonteksto at panunuri, isinapinal ng mga mananaliksik-tagasalin ang proseso sa pamamagitan ng balidasyon ng mga naisaling termino at nomenklatura. Makikita rin sa pigura ang muling pagbalik ng proseso sa pangangalap, sapagkat posible ang paglitaw at panganganak pa ng mga bagong katawagan sa mga susunod na pagkakataon, makatatayo bilang gabay ang pag-aaral sa mga susunod pang edisyon ng tala.

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay kuwalitatibo at gumamit ng *case study research design*. Sa tipo nitong pag-aaral, maituturing na kaso ang isang gawaing pampagsasalin ng anumang produktong maaaring siyasatin at maunawaan sa isang tiyak na konteksto (Susam-Sarajeva 40). Sa ganitong gana,

⁵ Pinili ng mga mananaliksik ang nabanggit na limitasyon sa panahon upang maitugma rin sa pagkalendarong itinatakda ng *Research and Development Center* ng Unibersidad.

⁶ Maliban na lamang sa mga paskil sa *Facebook Page* at opisyal na *website* ng Unibersidad na gumamit ng ibang rehistro ng wika.

⁷ Iilang tanggapan pa lamang ang nagtatangkang makagamit ng wikang Filipino.

⁸ Ito ay isang *freeware* na ginagamit para sa *concordancing*, at panunuri ng mga teksto at korpus.

⁹ Tumutukoy ito sa indibidwal na salita sa isang hanay.

umaayon ang nabanggit sa nilalayan ng pag-aaral na matukoy ang sitwasyon ng mga dapat na maisaling aytem (kategorisasyon ng mga termino, nomenklatura, at iba pang katawagan) upang maitugma ito sa pangangailangan ng Unibersidad at *stakeholders* nitong primaryang target ng pagpapagamit. Isinakatuparan ang mga proseso sa pamamagitan ng apat na yugto. Sa una, kinolekta at naklaster ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga aytem na hango sa mga akademik at administratibong dokumentong pangkaraniwang nasa sirkulasyon at inilalathala ng Unibersidad, naka-*print* man o nakapaskil sa opisyal na *website* at iba pang kinikilalang plataporma. Nailathala ang mga tekstong pinagmulan ng mga na-*survey* na termino at nomenklatura mula sa dulong bahagi ng 2018, o ang simula ng panunungkulan ng kasalukuyang Pangulo ng RTU, hanggang sa unang *quarter* ng 2023⁵. Nakasulat sa pormal na paggamit ng wika ang halos lahat ng mga dokumento⁶, dahil na rin sa kalikasan ng mga funsiyon nito. Mamamalas din ang paggamit ng wikang Ingles sa komunikasyon ng Unibersidad⁷.

Gumamit ang mga mananaliksik-tagasalin ng AntConc⁸ upang maisaayos at mabilis na mabilang ang mga *token*⁹, sinundan ito ng manwal na pagsusuri sa nilalaman ng *dataset*. Iminapa sa ikalawang yugto ang mga konsiderasyon sa teknikal na pagsasalin at paglalapat ng payak na wika. Sa ikatlong yugto naman isinakatuparan ang aktuwal na pagsasaling may pagtalima sa pagpapatupad ng mga naisaad na konsiderasyon. Bahagi sa mga isinaalang-alang sa

proseo ng pagsasalin ang mga katangiang lokalizado, kontekstuwalisado, at katanggap-tanggap sa kultura ng pamayanang RTU. Layon naman ng huling yugtong matiyak ang kaayusan, kawastuhan, at kaakmaan ng mga salin, kaya nagdaan ang naisaling tala sa balidasyon ng dalawang panloob na *validator*¹⁰ at isang panlabas na *validator*¹¹. Kinuha ng mga mananaliksik-tagasalin ang *mean* (\bar{x}) upang matukoy kung katanggap-tanggap ang naging pagsasalin. Ginamit sa pagtukoy ang iskalang:

Mean (\bar{x}) ¹²	Kuwalitatibong Interpretasyon
1.00 – 1.75	Lubos na Di-Tinatanggap
1.76 – 2.50	Di-Tinatanggap
2.51 – 3.25	Tinatanggap
3.26 – 4.00	Lubos na Tinatanggap

Talahanayan Blg. 2. Interpretasyon ng Iskala

Nilagom din ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga naging puna at mungkahi ng mga eksperto at inilapat sang-ayon sa mga ginamit na konsiderasyon sa salin.

Limitado lamang ang pag-aaral sa pagsasalin ng pangalan ng Unibersidad, katawagan ng mga tanggapan, sentro, dibisyon, kolehiyo, kagawaran, at mga yunit sa ilalim ng iba't ibang klaster, mga di-gradwado at gradwadong programa, mga katungkulan, mga taunan at palagiang pagdiriwang, paggunita, at opisyal na gawain ng Unibersidad, at mga pangkaraniwang dokumento sa sirkulasyon. Hindi kabilang sa mga isinaalang-alang ang mga dokumentong tiyak lamang sa isang tanggapan ang gamit at funsiyon.

SARBAY NG MGA TERMINO AT NOMENKLATURA

Nakalikom ang mga mananaliksik-tagasalin ng 386 na mga termino at nomenklatura mula sa simulaang wikang binubuo ng 1667 na mga salita¹³. Naiseksiyon ang mga termino batay sa mga sumusunod na pinanggalingan:

Seksiyon	Bilang	Pinanggalingan ng mga Termino at Nomenklatura
A	51	Mga Kautusang Pantanggapan mula sa Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad
B	34	Mga opisyal na dokumentong ginagamit sa sirkulasyon ng Unibersidad
C	15	Mga pabatid mula sa mga opisyal na tsanel ng iba't ibang tanggapan ng Unibersidad
D	57	Opisyal na website ng Unibersidad at iba pang akademikong dokumentong inilalathala
E	210	Tsart ng Organisasyon ng Unibersidad at iba pang mga tanggapan
F	19	Koda ng Unibersidad
Kabuonan	386	

Karamihan sa mga nasa Seksiyon A ay *multilevel* na pulong, programa, at assemblyang madalas na iniaakyat sa Pangulo ng Unibersidad para sa pagpapalabas ng Kautusang Pantanggapan nang maipakalat sa buong pamayanang RTU, maliban sa nabanggit, kasama rin dito ang designasyong naiaat sa mga kasaping fakulti at kawani sa bisa ng pagtatalaga ng Pangulo. Makikita naman sa ikalawang seksiyon ang mga papel na madalas

na ginagamit sa inter-tanggapang komunikasyon, at iba pang *reportorial* na dokumentong ibinabahagi sa loob at labas ng Unibersidad.

Naihanay sa Seksiyon C ang mga terminong kadalasang mababasa sa mga pabatid ng iba pang mga tanggapan sa Unibersidad, gaya ng mga paskil ng bakanteng posisyon at *plantilla item* na bukas para sa aplikasyon. Napabilang sa Seksiyon D ang mga di-gradwado at gradwadong programang nakalathala sa opisyal na *website* ng Unibersidad at mga opisyal na dokumento gaya ng diploma at *transcript of records*. Pinakamalaki ang komposisyon ng Seksiyon E dahil binubuo ito ng mga nomenklatura ng mga tanggapan, sentro, departamento, dibisyon, at yunit, at herarkiya ng mga katungkulan sa buong sistema ng Unibersidad. Makikita naman sa huling kategorya ang mga opisyal na katawagan sa Unibersidad, mga rehente, at akademikong titulo. Tanging dokumentasyon lamang ang layon nitong pagseseksiyon, maaari pa ring makita ang mga aytem sa iba't iba pang mga tsanel na umiiral sa RTU.

Mula sa mga na-*survey* na aytem, muling naklaster ang mga naisaling termino at nomenklatura sa labing-isang kategorya. Inihanay ito ayon sa sumusunod na mga pagtitipo: Ang Unibersidad at mga Nangungunang Tanggapan; Mga Sentro at Tanggapan sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad; Mga Sentro at Tanggapan sa ilalim ng Tanggapan ng Ehekutibong Ikalawang Pangulo; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Ugnayang Akademik; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananalapi at Pangasiwaan; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pagpapalano at Pagpapaunlad; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananaliksik, Inobasyon, at mga Serbisiyong Pang-ekstensiyon; Mga Programang Akademik sa mga Di-Gradwado at Gradwadong Antas; Mga Taunan at Palagiang Pagdiriwang, Paggunita, at Opisyal na Gawain ng Unibersidad; Mga Pangkaraniwang Dokumento sa Sirkulasyon ng Unibersidad; at Mga Ranggo, Katungkulan, Posisyon, at Daglat.

Matapos ang pagsasalin at balidasyon, nakalikom ng 435 na mga *token* mula sa patunguhang wika. Sa tulong muli ng AntConc, naproseso ng mga mananaliksik-tagasalin ang pagsusuri sa *terminological consistencies*, hangad nitong malinang pa ang paglilipat-impormasyon at pag-unawa sa mensahe ng isinaling aytem (Gaspar, Seljan, Kučič 2) at mga salik na nakakaimpluwensiya sa gamit ng mga salita sa tala.

¹⁰ Kapuwa naghahawak ang dalawang panloob na *validator* ng mga kursong espesyalisasyon sa Filipino sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Unibersidad.

¹¹ Isa namang *University Research Associate* sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman ang panlabas na *validator*. Kalikasan ng kaniyang trabaho ang *proofreading* at *copy-editing* ng mga ipinapasang manuskrito sa kanilang tanggapan.

¹² Nagmula ang pagrarrango kina Wentzel, Fapohunda, at Haldenwang (9).

¹³ Idinaan ang *set* ng mga termino at nomenklatura sa *concordancing* upang maisaayos ang mga salita at mabilang na rin ang *frequency*.

MGA KONSIDERASYON SA PAGSASALIN

Sa anumang gawaing pampagsalin, parating may mga isinasaalang-alang na praktika upang ganap na makamit ang kaayusan ng salin. Sa pagmamapa ni Sison-Buban, isinasaad niyang dapat maisama ang: estilo ng pagsasalang umaayon sa estruktural na kahingian ng tunguhang wika; paglalapat ng tugmang konteksto ng saling mamamalas sa mga ginagamit na teknikal na salita at rehistrong umiiral; hangarin ng mga tagasalin sa pagsasakaturapan nitong proyekto; at pagtukoy sa mga target na mambabasa nito (124-125). Mula rito, nasuri ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga sumusunod na obserbasyon:

Posisyon at Ayos ng Salita sa Salin

Kung lagumin ang isinasaad ni Sison-Buban sa pragmatiks ng salin, makikita ang kriteryo ng kadalisayan ng isinasalin na sumasang-ayon sa estilo ng paggamit ng wika ng target na mambabasa kaysa estilo ng may-akda (124). Natural ang ganitong akomodasyon upang mapatingkad ang higit na mapakikinabangan ng madla at hindi maisara ang produkto para sa iilang kayang makaunawa sa rehistrong ginamit. Sa pagkamit nito, pinahalalagan ang binabanggit ni Shen na *word order adjustment* (WOA) o pagwawasto sa ayos ng mga salita ng mga naisalin nang matamo ang maximum na antas ng *dynamic equivalence*¹⁴ (256). Sa ganitong gana, iniaayon ng mga tagasalin ang pagpili sa mga salita sa pagsasalang wika batay sa kaniyang persepsyon sa teksto at kaniyang ugnayan sa target na tagagamit at mambabasa (Yuvarlak). Lumilitaw ritong nakakatulong ang WOA upang akmang mailatag ang angkop at mas katanggap-tanggap na salin. Sa obserbasyon, makikita ang mga tipak (o *segment*) ng mga isinasaling aytem ayon sa estruktural na impormasyon nito.

(a)
College of Arts and Sciences
Kolehiyo ng mga Sining at mga Agham

(b)
Department of Biology
Kagawaran ng Biyolohiya

(c)
Bachelor of Science in Architecture
Batsilyer ng Sining sa Arkitektura

Kapansin-pansin sa unang set ng mga halimbawang nabitbit mula sa simulaang wika¹⁵ ang estruktura ng isinasaling aytem hanggang sa tunguhang wika¹⁶. Nanatili ang ayos ng mga salita at hindi nakompromiso ang *phrasal semantics*¹⁷ nito. Lumilitaw ritong bagaman direktang isinalin ang mga salita, walang nagbago sa katuturang hiling na mapabatid ng pagsasalin. Masusuri sa mga halimbawa ang pananatili ng mga panandang kolehiyo, kagawaran, at batsilyer sa inisyal na posisyon. Konsistent ang ganitong pagpoposisyon ng mga pananda sa iba pang aytem, bagaman nagkakaroon ng minimal

¹⁴ Tumutukoy ito sa pinakamakahulugang saling nakabatay sa katuturang hinango sa kontekstuwal na konsiderasyon. Sa ganitong gana, naglalaan ang mga tagasalin ng konsiderasyon sa kakayahang pangwika ng mga inaasahang mambabasa upang mabilis na maproseso ang mga naisaling materyal, natatamo ang ganitong aspekto kung gagamit ng mga salita at estrukturang mas kauna-unawa at kabasa-basa para sa tiyak na mambabasa at tagagamit.

¹⁵ Ingles. Nakahilig ang mga salita.

¹⁶ Filipino.

¹⁷ Kargadong kahulugan at katuturan ng isang parirala.

¹⁸ Sa talakayan nina Santiago at Tiangco (231), binabanggit nilang simbong (-) ang gagamitin upang katawanin ang proseso ng pag-aangkop sa mga kasangkot na salita.

na pagrereposisyon sa ibang tipak ng isinasalin upang maisaayos ang diwa nito, gaya ng:

(d)
Department of Financial Management
Kagawaran ng Pampananalapi Pamamahala-ng

‘Kagawaran ng Pamamahalang Pampananalapi’

Kapansin-pansin sa itaas (d) at sa mga halimbawa (e) at (f) ang presensiya ng gatlang¹⁸ na namamagitan sa salitang-ugat at pang-angkop. Tanda ito ng pagkakabit ng -ng at -g sa mga salitang inaangkupan. Bunsod ang pagsisingit ng hangaring mapadalisay at mapanatili ang posisyon ng mga salita, at pagsasaalang-alang sa ekonomiya ng mga salita.

(e)
Administrative Officer
Administratibo-ng Opisyal

(f)
Annual Report
Taunan -g Ulat

Sa kabilang banda, may mga naisaling ganap na nailipat ang mga pananda mula posisyong pinal (kung sa simulaang wika) na naging inisyal, tulad ng:

(g)
Laboratory School
Laboratory Paaralan-g

‘Paaralang Laboratoryo’

(h)
Management Audit Unit
Pamamahala Awdit Unit

‘Yunit ng Awdit sa Pamamahala’

(i)
Internal Audit Services Center
Internal Awdit mga Serbisyo-ng Sentro

‘Sentro ng mga Serbisyon Awdit Internal’

(j)
International Programs Unit
Internasyonal mga Programa-ng Yunit

‘Yunit ng mga Programang Internasyonal’

Naging makahulugan ang paglipat ng posisyon ng mga salita dahil sa WOA kung ikukumpara sa literal nitong pagsasalin. Nagkabalikad lamang sa (g) ang posisyon ng mga salita at inangkupan sa tulong ng -g. Makikita naman sa (h) ang paglipat ng mga salita at paglalagay ng ng at sa bilang mga pantukoy sa mga naisaling aytem sa tunguhang wika upang padalisayin

ang bigkas ng kabuoan. Masusuri sa (i) ang paglipat mula pinal patungong inisyal na posisyon ng salitang *sentro* at ng *serbisyo* mula midyal-pinal patungong midyal upang mas mapatingkad ang estruktural na kahingian ng isinasalin. Sa halip na *Internal na Awdit*, ipinadron ang ginamit na aytem sa mungkahi ng Komisyon sa Wikang Filipino (11) sa salin ng '*Internal Audit Service*' na '*Serbisyong Awdit Internal*' bagaman may maaaring pagkatig din sa paggamit ng 'panloob na awdit.' Ganap ding nabago ang posisyon ng mga salita sa (j). Napunta ang pananda sa inisyal na posisyon habang naipuwesto ang 'internasyonal' sa pinal upang maturingan ng salitang 'programa-ng.'

(k)
Office of Student Affairs
Tanggapan ng Mag-aaral mga Ugnayan

and Services
at mga Serbisyo

'Tanggapan ng mga Ugnayan at mga Serbisiyong Pangmag-aaral'

(l)
University Data Protection Center
Unibersidad Datos Proteksiyon Sentro

'Sentro ng Proteksiyon ng Datos ng Unibersidad'

(m)
University Center for Review
Unibersidad Sentro para sa Rebyu

and Related Instructions
at Kaugnay mga Instruksiyon

'Pang-unibersidad na Sentro ng Rebyu at mga Kaugnay na Instruksiyon'

Masusuri sa (k) ang paglipat ng posisyon ng mga salita upang higit na maging kauna-unawa at makatuturan ang salin, naiposisyon ang inalomorpohang *mag-aaral* (pangmag-aaral) upang mabigyang-turing ng mga salitang *ugnayan* at *serbisyo-ng*. Maihahabing naman ang mga inilapat na tuntunin sa mga salin ng (l) at (m). Mapapansing naging inisyal ang *sentro* sa (l) mula sa pinal na posisyon nito. Inihanay naman ang nalalabing bahagi ng salin, sa ganitong gana, maituturing ang 'datos' bilang *reference point*¹⁹ ng pariralang pantukoy. Nananatili namang inisyal-midyal ang posisyon sa (m) upang tuluyang maturingan ng *pang-unibersidad* (na *University* sa SL) ang *sentro* sa TL. Nangangahulugang ganitong tuntunin din ang inilalapat sa iba pang aytem na gumagamit ng pagrereperensiya ayon sa ayos²⁰ at paggamit ng mga pariralang pantukoy²¹.

Pagkokonteksto ng Salin

Mahalaga ring maisaalang-alang sa pagsasalin

¹⁹ Sa paliwanag ni Malicsi, ang mga pangngalang binibigyang-turing ay nagtataglay ng *relational component* na ang kahulugan ay nakabatay sa itinuturing *reference point* (9), sa kaso nito, nagiging magkakakawing ang mga salitang pinag-uugnay ng pantukoy na ng nang makalikha ng kahulugang may kargadong semantik na impormasyon.

²⁰ Gaya ng *Pang-unibersidad na Sentro ng Pagpapaunlad at Pamamahala ng Yamang Pantao (University Center for Human Resource Development and Management)*, at *Pang-unibersidad na Sentro ng mga Serbisiyong Pamamahalang Pampananalapi (University Center for Financial Management Services)*.

²¹ Tulad ng *Lupon ng mga Rehente ng RTU (RTU Board of Regents)*, *Kasunduan ng DPO (DPO Agreement)*, at *Opisyal na Tagapagprotekta ng Datos (Data Protection Officer)*.

²² Ito ay pagpapaikli ng pamagat ng nabuong proyekto – Talá ng mga Isinaling Nomenklatura sa Unibersidad.

²³ Ang mga awtor ang nagpormat.

²⁴ Bagaman sa medyoestruktura ng *online* na diksiyonaryo, iminumungkahi ang pagko-cross reference ng mga salitang kolehiyo at pamantasan.

ang konteksto ng isinasakatuparang proyekto upang higit na maging makahulugan sa mga mambabasa ang nais maiwang impresyon ng salin. Kabilang dito ang konsiderasyon sa paggamit ng *rehistrong panlahat* (Sison-Buban 125), pagkat parating may pamantayang sinusundan ang pagsasalin, at marapat lamang na kasabay nito ang pag-alalay at akomodasyon sa mga inaasahang tagagamit at mambabasa. Subalit, bagaman may pagkilala sa rehistrong naaarok ng nakararami, mahalaga ring bigyang-pansing may mga ginamit na termino at nomenklaturang tiyak pa rin sa teknikal na kalagayan ng Unibersidad.

Sa kaso nitong Tala²², isinaisip ng mga tagasalin ang konteksto ng paggagamitan. Bilang isang institusyon ng lalong mataas na edukasyon (HEI), magiging palagian ang *exposure* ng mga tagagamit at mambabasa sa mga isinasalin pagkat parating makikita at maririnig ang mga aytem sa mga pabatid, paskil, programa at gawain, at iba pang opisyal na dokumentong nailalathala sa samot-saring tsanel. Sa ganitong gana, mainam lamang na mabalanse ang paggamit ng wika at pagtutok sa konteksto ng institusyon. Bagaman akademik, may bitbit na pagsasaalang-alang ang mga tagasalin sa paggamit ng payak na wika upang higit na mahikayat ang institusyong gamitin ito. Upang hindi magtunog mapilit sa paggamit, iniangkop ng mga tagasalin ang mga madalas gamiting termino ng pamayanang RTU nang may *reinforcement* sa kawastuhan at kaangkupan nito, gaya ng:

(n)
Rizal Technological University
Rizal Teknolohikal Unibersidad

'Teknolohikal na Unibersidad ng Rizal'

Sa ibang institusyon, madalas gamitin ang *pamantasan* bilang salin ng *university*, may ilan ding ginagamit ang *unibersidad*, bagaman hindi rin naman nagkakalayo ang kahulugan ng dalawang salita. Sa pagtatala ng KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino, binigyang-kahulugan ang mga salita bilang:

pa-man-tá-san (pangngalan, mula sa 'pantás'²³)

"Paaralang itinatag para sa pagtuturo at pag-aaral ng matataas na sangay ng karunungan (gaya ng teolohiya, batas, medisina, inhenyeriya, atbp.), at binigyang kapangyarihang magkaloob ng mga titulo."

u-ni-bér-si-dád²⁴ (pangngalan, mula sa Kastilang '*universidad*')

"Pinakamataas na paaralan ng ibá't ibáng karunungan (gaya ng abogasya, medisina, inhenyeriya, atbp.) na binigyang-kapangyarihang magkaloób ng titulo."

Mapapansing halos magkatulad lamang ang

isinasaad na kahulugan mula sa siniping diksiyonaryo; samantala, sa UP Diksiyonaryong Filipino (901, 1304), makikita ang mga sumusunod na lahok:

“pa-man-tá-san png [pang + pantas + an]; unibersidad.”

“u-ni-bér-si-dád png [*Esp Unibersidad*]: institusyon ng kaalaman sa pinakamataas na antas, may kolehiyo ng agham at sining, programang gradwado, at propesyonal.”

Malinaw sa mga nakatala ang semantikong pagkakatulad ng mga salita, gayunman, higit na ginagamit sa lokal ng pag-aaral ang salitang *unibersidad* kaysa *pamantasang* kaya minabuti ng mga mananaliksik-tagasalin na ito ang ilapat na salin. Ganitong padron din ang naging punto ng paggamit ng *Teknolohikal*²⁵ bilang salin ng *Technological* sa halip na *Teknolohiko*²⁶. Sa orihinal na pagsasalin ng mga mananaliksik-tagasalin, *Unibersidad na Teknolohikal ng Rizal* ang unang naitala, ngunit, batay sa balidasyon ng eksperto, naimungkahing mas mainam kung ang *Unibersidad* ang binibigyang-turing ng *Teknolohikal* kaysa bise-bersa, kaya napagkasunduang *Teknolohikal na Unibersidad ng Rizal* ang gamitin. Masusuri din ang paggamit ng pariralang pantukoy na *ng Rizal* sa halip na *ni Rizal* pagkat sa kasaysayan nito, naipangalan ang Unibersidad sa ilalim ng Probinsya ng Rizal at hindi tulad ng mga memoryal na unibersidad/institusyong may direktang kauukulan kay Dr. Jose P. Rizal²⁷. Bagaman naisalin patungong Filipino, ganap sa Tala ang paggamit ng ‘RTU,’ samakatuwid, hindi magbabago ang inisyalismong sasagisag sa Unibersidad.

Masusuri din ang presensiya ng dalawang konteksto ng *kultura* sa set ng mga naisaling aytem:

(o)
University Center for Culture,
Unibersidad Sentro para sa Kultura

Arts, and Events
mga Sining at mga Gawain

‘Pang-unibersidad na Sentro para sa Kultura, mga Sining, at mga Gawain’

(p)
Culture Collection and Conservation Unit
Kultura Koleksiyon at Konserbasyon Yunit

‘Yunit ng Koleksiyon at Konserbasyon ng Kultura’

Pangkaraniwan sa *HEIs* ang institusyonalisasyon ng isang tanggapang mangangalaga sa mga umiiral na tradisyon, kaugalian, pagpapahalaga at iba pang nasasalat at di-nasasalat na kulturang bumabalot sa unibersidad, ito ang naging gampanin ng isinaling sentro sa (o) at gayundin ang katuturang kargado ng salitang *kultura* dito.

²⁵ Higit itong ginagamit at ito’y may pagsang-ayon din naman ng mga tagaloob na *validator*.

²⁶ Bagaman sa pagmumungkahi ng KWF, *Pamantasang Teknolohiko ng Rizal* (46) ang ginamit para sa salin ng *Rizal Technological University*, ganito rin ang ginamit para sa *Pamantasang Teknolohiko ng Pilipinas* (TUP), *Pampamahalaang Pamantasang Teknolohikong Don Honorio Ventura* (DHVTSU), *Pampamahalaang Pamantasang Teknolohikong Ramon Magsasaysay* (RMTSU), at *Pamantasang Teknolohiko ng Cebu* (CTU).

²⁷ Bagaman sa mga ibinabandilang halagahin ng Unibersidad, parati rin naman nailalapat ang mga itinaguyod na pagpapahalaga ni Rizal.

²⁸ Nakatakdang gampanin ng *Mushroom and Biotech Research and Development Center* upang maging *research arm* ng RTU sa mga gawaing pampananaliksik na may kinalaman sa mga espesye ng kabute.

²⁹ Tanda ito ng progresibong hangarin ng RTU na makapagbukas pa ng mga oportunidad para sa multilinggwal at multikultural nitong pamayanan.

³⁰ Sa kasalukuyan, ginagamit ang wikang Filipino sa pagpapadalo ng ilang pang-unibersidad na programa, subalit tuwing Buwan ng Agosto lamang nagiging prominente ang pagsasa-Filipino ng mga korespondensiya opisyal.

³¹ Tumutukoy sa mga konsiderasyong inilalapat ng mga tagasalang maari ding mangailangan ng *structural adjustments at textual manipulations* upang makapaghatid-akomodasyon sa mambabasa at tagagamit.

Sa kabilang banda, napapasailalim naman ang yunit sa (p) sa Sentro ng Pananaliksik at Pagpapaunlad sa Kabute at Biyotek²⁸ – ang tanggapang nakamandato upang mangalaga, magpatuloy, magpaunlad, at makatuklas pa ng anumang madidiskubre hinggil sa mga kabute sa pamamagitan ng pananaliksik, kaya tumutukoy ang *kultura* dito bilang kultibasyon ng mga onggo (*fungi*) gaya ng kabute. Bagaman ginamit ang salitang *kultura* sa magkatulad na anyo, baybay, at ayos, litaw rito ang paglalapat ng magkaibang kontekstong umaayon sa minamandato nitong mga katuturan. Nakakatulong ang kontekstuwalisasyon upang mapanatili ang kalinawan ng mga salitang dumaraan sa pagsasalin nang hindi nakokompromiso ang awtpot sa patunguhang wika.

Intensiyon ng Salin

Ginagarantiya ng pag-aaral ang layong makapagbigay ng akomodasyong pangwika para sa pamayanang RTU sa pamamagitan ng pampublikong pagpapagamit ng nabucong proyekto. Bagaman bukas na ang Unibersidad sa paggamit ng wikang Filipino bilang wika ng instruksiyon, pananaliksik, at iba pang serbisyong akademik at administratibo, mahalagang may parating pag-alalay sa hanay ng mga nagtataguyod ng wika upang makamit ang optimal na resulta. Kung ganap ang diseminasyon at pagpapagamit nito sa lahat ng sektor at *stakeholders*, tiyak na mapapansin ang sustantibong kabisaan ng isinusulong na pagpapalakas ng wikang Filipino sa RTU²⁹.

Dagdag pa, bilang tukoy na sitwasyon ang kawalan ng mapapanaligang salin ng mga katawagan at nomenklatura, maigigiya ng Tala na mapagsigla pa³⁰ ang paggamit nito sa lahat ng posibleng komunikasyong ipinapatupad ng Unibersidad, lalong higit sa mga korespondensiya opisyal na palagian namang ipinapaalala ng Atas Tagapagpaganap bilang 335, s. 1988. Sa ganitong gana, tungkulin ng RTU bilang isang pampublikong unibersidad na tuluyang makapagsagawa ng mga natatanging hakbang para sa paggamit at pagpapagamit ng Filipino sa lahat ng posible at opisyal na transaksiyon ng institusyon, kabilang ang reproduksiyon ng mga materyal at gabay, gaya ng Tala.

Target na Mambabasa at Tagagamit

Sa simula pa lamang ng proyekto, intensiyon na ng mga mananaliksik-tagasalin na hindi lamang manatiling nakalathalang dokumento ang Tala, bagkus, primaryang bisyon nito ang makalikha ng mga hakbang ng diseminasyon nito na susundan naman ng pagsasanay upang maipaliwanag sa *stakeholders* ang paraan ng paggamit ng awtpot. Pinatitingkad nitong hindi lamang dapat produksiyon ng reperensiya ang maging hakbang sa hangarin, bagkus, paglalapat at pagkokonteksto ng *output* sa target na mambabasa at tagagamit.

Maliban sa paggamit ng payak na wika, tumalima rin ang mga mananaliksik-tagasalin sa paglalapat ng *accomodatory [sic] situations*³¹ (Wills 95 sinipi sa Sison-

Buban 125), upang higit na makapaglaan ng katiwasayan sa paggamit ng mga naisaling aytem na sumasang-ayon sa estilo ng pagwiwika ng mga nakararami sa lokal ng pag-aaral. Kabilang sa akomodasyon ang konsiderasyon sa reperensiya ng salin, paghahanay ng ayos ng mga salita, at pagbibigay-linaw sa ilang kontekstuwal na pangangailangan sa isinatatuparang proseso ng pagsasalín.

Upang matiyak ang kalidad ng salin at lubos na makatugon sa mga binitbit na halagahin sa aktuwal na pagsasalín, nagdaan sa proseso ng balidasyon ang mga termino at nomenklatura. Tinaya ng mga napiling external at internal na *validator* ang kaakmaan, kawastuhan, at kaayusan ng mga isinalin.

Talahanayan Blg. 3.
Lagom ng Numerikal na Balidasyon

<i>Kategorya</i>	<i>Mean (\bar{x})</i>	<i>Kuwalitibong Interpretasyon</i>
Ang Unibersidad at mga Nangungunang Tanggapan	3.57	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad	3.52	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ehekutibong Ikalawang Pangulo	3.60	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Ugnayang Akademik	3.60	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananalapi at Pangasiwaan	3.65	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pagpapalano at Pagpapaulad	3.64	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananaliksik, Inobasyon, at mga Serbisyong Pang-ekstensiyon	3.57	Lubos na Tinatanggap
Mga Programang Akademik sa mga Di-Gradwado at Gradwadong Antas	3.53	Lubos na Tinatanggap
Mga Taunan at Palagiang Pagdiriwang, Paggunita, at Opisyal na Gawain ng Unibersidad	3.64	Lubos na Tinatanggap
Mga Pangkaraniwang Documento sa Sirkulasyon ng Unibersidad	3.63	Lubos na Tinatanggap
Mga Rango, Katungkulan, Posisyon, at Daglat	3.65	Lubos na Tinatanggap
Kabuuan	3.60	Lubos na Tinatanggap

Masusuri sa talahanayang nakatamo ang bawat kategorya ng markang tumutumbas sa kalitatibong interpretasyong *Lubos na Tinatanggap*. Makahulugan para sa gawaing pampagsasalíng ito ang ipinakikitang resulta ng balidasyon pagkat nagagawa nitong makatugon pang higit sa pakay ng mga tagasalíng maging kapaki-pakinabang para sa intensiyong pamayanan ang nabuong salin, patotoo rin ang resulta ng balidasyon sa ipinakikitang kalidad ng salin. Bagaman lagom na lamang ang naitala sa pag-uulat, walang resulta ng balidasyon ng alinmang termino at nomenklatura ang nakatanggap ng markang mas mababa sa ranggo ng *Tinatanggap*.

PANINIYASAT SA LEXICAL CHOICE NG PAGSASALIN

Mahalaga sa pagsasalín mula sa simulaang wika ang pagpili ng wasto at akmang salita sa tunguhang wika upang higit na maging mabisa

ang pagpaparating ng mensahe. Mamamalas dito ang nagiging gampanin ng *lexical choice* na ipinatutupad ng isang tagasalin, sapagkat isinasaalang-alang sa usapin ng pamimili ng salita ang kontekstuwal na aspekto ng salita sa leksikal at semantikong paglilipat. Isinasaad nina Edmonds at Hurts (108) na tumatayong *lexical resources* ang mga madalas na paggamitan ng salita at mga kolokasyon nito upang makaiwas sa hindi inaasahang implikasyon nito sa pagsasalín. Sa kaso ng pagsasalín sa Pilipinas, marapat himayin ng isang tagasalin ang kaniyang gagamiting wika bilang reperensiya ng kaniyang itatakdang salita. Kaakibat ng isyu ng *lexical choice* ang salimuot din ng pagtanggap at pagpapatanggap nito sa mambabasa, sa kondisyon ng pag-aaral, higit na isinaalang-alang ng mga mananaliksik-tagasalin ang natural na pagpili ng mga kasapi ng pook ng pag-aaral. Mas nagiging makahulugan ang ganitong estilo pagkat natutupad nito ang kanaisan ng pamayanang pinag-aalayan ng salin – pinatitingkad nito ang konsiderasyon sa *stakeholders* bilang salik at mapapanaligang reperensiya.

Sa proseso ng pagsusuri at paghihimay sa mga salitang na-*survey*, ginamit ng mga mananaliksik-tagasalin ang KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino at UP Diksiyonaryo para sa pagtukoy ng etimolohiya ng mga salita. Naisagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagko-*cross reference* ng maykroestruktra ng mga lahok. Karamihan sa mga nairehistrong salita sa mga naisaling termino at nomenklatura ay nagmula sa Tagalog at mga katutubong wika sa Pilipinas.

*Office of the Vice President
Tanggapan ng ang Ikalawang Pangulo
for Finance and Administration
para sa Pananalapi at Pangasiwaan*

Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananalapi at Pangasiwaan

Kolehiyo ng mga Sining at mga Agham

Mapapansin sa *content morphemes* ng mga isinasaling aytem na may iba pang anyo (mula sa iba pang wika) ang mailalapat bilang salin. Maaari kasing masalin ang *tanggapan* sa anyo nitong isina-Filipinong Kastilang *opisina*, o ang *ikalawang pangulo* bilang *bise presidente* na madalas ding ginagamit sa ibang institusyon (e.g., gaya ng paggamit ng *opisina* ng Opisina ng Tsanselor mula sa UP Diliman) at palagiang mababasa sa mga nailalathalang materyal, anunsiyo, at iba pang kamukhang pabatid (e.g., paggamit ng *bise presidente* noong panahon ng pangangampanya). Nangibabaw ang paggamit ng ordinal na *ikalawa*–ng bagaman sa pagpapakahulugan sa salitang *bise* makikita ang pagkakasinonimo nito:

bi-se

“Pangalawang pinakamataas na katungkulang sumusunod sa pinakamataas na gaya ng pangulo, gayundin sa gobernador, alkalde, atbp.” (KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino)

Mapapansin kaagad ang kalantaran ng pagkakatulad sa semantikong impormasyong taglay ng dalawang salita. Ganito rin ang kapalaran ng ilang salitang may iba pang anyo ngunit sa halip naging pangunahing reperensiya ng wika ng salin ang Tagalog gaya ng: *kalihim* kaysa *sekretarya*, *panlabas* kaysa *eksternal*, *pangulo* kaysa *presidente*, *pandaigdig* kaysa *pangmundo*, *panuro* kaysa *instruksiyonal*, *pagpapaunlad* kaysa *debelopment*, mag-aaral kaysa *estudyante*, *kasapi* kaysa *miyembro*, *kagawaran* kaysa *departamento*, *lungsod* kaysa *siyudad* at iba pang salitang may iba pang varyant mula sa mga umiiral na anyo sa bansa.

Bagaman may ganitong leksikal na pagpili sa Tagalog, hindi pa rin maiiwasan ang obserbasyon sa mga salitang naisa-Filipinong Kastila at Ingles na umiiral sa *set* ng mga isinalin. Bunsod ito sa pag-*overlay* ng mga salitang Kastila sa Tagalog at iba pang mga wika sa bansa na naging kultural na produkto ng matagal na kolonisasyon ng Espanya (Javier 92) sa bansa. Sa paglaon, nagawa nang maipadron ang mga salita sa kontemporaneong ortograpiya, tumutugmang *phonological representation*, at ispeling (Lopez sa Javier 92) na mas kilala ng mga gumagamit nito sa bansa.

Kabilang sa mga salitang nakitaan ng potensiyal para sa leksikal na pagpiling isina-Filipinong Kastila ang *sentro* kaysa *lunduyan*³² na higit na ginagamit sa konteksto ng pook ng pag-aaral, ganito rin ang pagraron sa paggamit ng mas masaklaw na salitang *ehekutibo* kaysa *tagapagpaganap*, *tagapagpairal*, *tagapangasiwa*, at *tagapagpatupad*. Kasama rin sa pag-uuri ang *fakultad*, kaysa *kaguruan*, *legal* kaysa *pambatas*, *publikasyon* kaysa *lathalaan*, *seguridad* kaysa *kaligtasan*, *superbisor* kaysa *tagamasid* at *tagapanuto*, at iba pang mga salitang kakikitaan ng kamukhang katangian sa *set* ng mga isinalin. Patunay ang mga nabanggit na may

parating pagpapahalaga sa kagaangan ng pagpapabatid sa inaaahang tagabasa at tagagamit, tumutupad ang ganitong prinsipyo sa funsiyon ng payak na wika.

Ang mga salita tulad ng *sabstreyt* para sa *substrate*, *awdit* para sa *audit*, *telekom* para sa *telecom*, *multimidy*a para sa *multimedia*, *kinetiks* para sa *kinetics*, *literasi* para sa *literacy*, *rebyu* para sa *review*, *iskolarsyip* para sa *scholarship*, *medikal* para sa *medical*, *rekord* para sa *record*, *landskpey* para sa *landscape*, *prokyurment* para sa *procurement*, *kostumer* para sa *customer*, *biyotek* para sa *biotech*, *tsarter* para sa *charter*, *nars* para sa *nurse*, *awditor* para sa *auditor*, at *adbokeyt* para sa *advocate* ay itinuturing bilang mga isina-Filipinong Ingles. Inireispel ang mga naitala batay sa pagbikas nito. Nagaganap ang ganitong tuntunin upang maiayon sa kadalisan ng pagbigkas ng mga Pilipino ang salitang hinihiram at upang maiwasan din ang kalabisan sa pagsasalin (i.e., pilit na paggamit ng mga salita sa tunguhang wika na hindi na nakatatamo ng anumang kabanayaran) na kadalasang nagbubunga ng kalituhan sa sinumang tumatanggap.

Makikita naman sa *akawntansi* para sa *accountancy*, *akawnting* para sa *accounting*, at *akawntant* para sa *accountant* ang paggamit ng *derivational affixes* na ikinakabit sa *root* na *akawnt* na isa ring isina-Filipinong Ingles. *Lexical hybridization*³³ naman ang naging kondisyon ng salitang *pamfild* pagkat nagkaroon ng paglalalok ng katangian ng dalawang wika, sa kaso nito, makikita ang *pam*-³⁴ na ginamit bilang alomorpo sa *root* na *fild* mula sa *field*.

May *loanwords* ding ganap nang hiniram at hindi na nagawang maisalin sa bantang magdulot ito ng mapagmalabis na panghihiram (Almario 10), tulad ng mga salitang *network*, *web*, at *alumni*. Samantala, hindi na rin nagbago ang salitang *dental*, subalit, kung bibigkasin, maaaring mailipat ang prinsipal na tunog mula malumay patungong mabilis upang katawanin ang naging pagsasalin.

KONGKLUSYON

Nagmula ang konseptuwalisasyon ng pag-aaral sa hangarin ng mga mananaliksik-tagasalin na higit pang mapalakas ang paggamit ng Wikang Filipino sa loob ng Unibersidad, tukoy na suliranin ang kawalan ng salin ng mga termino at nomenklatura sa mga akademik at administratibong sektor. Matamang sininop ang mga aytem upang manaig ang *terminological consistency* at hindi magkaroon ng suliranin pagdating sa pagpopreso ng mga isinalin.

Makatwiran ang pagsasaalang-alang sa posisyon at ayos ng mga salita sa salin na kadalasang hindi gaanong napapansin pagkat nakatutok naman sa iba pang aspekto ng pagsasalin ang mga tagasalin. Hudyat na rin ito upang mas mapatingkad pa ang paggamit ng *word order adjustment* bilang kasangkapan para sa *dynamic equivalence* nang makamit ang kawastuhan, kaangkupan, tiyak na katuturan ng mga termino at nomenklatura. Sa obserbasyon, naitutugma ang pagsasaayos ng mga salita upang akmang maihanay ang angkop at higit na katanggap-tanggap na tumbas.

Kinikilala rin ng nabuong pagsasalin ang konsiderasyon sa konteksto nito, umimbulog ang

³² ‘Lundayan’ sa ibang varyant.

³³ Sa pagtalakay ni Gonzales (170) tumutukoy ito bilang proseso ng pagbuo ng mga bagong sistema at prosesong pangwika na naipapanganak ng mga natatangi at magkakaibang sistemang nasasalamin na pamamagitan ng palagian ding paggamit ng madla rito.

³⁴ Mula sa alompong ‘pang-.’

pagbibigay-akomodasyon sa mga inaasahang mambabasa at tagagamit sa pamamagitan ng paggamit ng rehistrong pamilyar sa madla, bagaman hindi maiiwasan ang paglalangkap ng mga teknikal na salitang tiyak na ginagamit sa Unibersidad.

Pangunahing salik naman sa intensiyon ng salin ang paggagarantiyang makapaghatid-akomodasyon ang mga isinalin sa sitwasyong pangwika ng lokal ng pag-aaral. Makatutulong ang pagpapagamit ng tala sa madla upang makamit ang optimal na resulta ng pagtataguyod ng paggamit din ng Wikang Filipino bilang opisyal na wika ng mga gawaing akademik at administratibo. Kaugnay ang nabanggit sa lunggating makapanganak ng inklusibo at transformatibong institusyonal na polisiyang pangwika. Hindi rin maiiaalis na hangarin ng mga mananaliksik-tagasalin ang diseminasyon nitong nabuong tala para sa mga target nitong *stakeholders* upang maisakatuparan ang *accommodatory situations* na maglalaan ng konsiderasyon sa sinumang may hangaring magamit ang mga naisaling aytem.

Kaakibat ng mga nabanggit na konsiderasyon

ang pagtupad sa pagseseguro ng kalidad, patunay ang pagtamo ng labing-isang kategorya ng markang *lubos na tinatanggap* mula sa balidasyon ng mga panloob at panlabas na *validator* bilang komitment upang higit pang makatugon sa pakay na maging kapaki-pakinabang sa pamayanan ang isinalin at nang mataya rin ang dating nito.

Sa pagtataya naman ng *lexical choice*, nangibabaw ang paggamit ng Tagalog bilang batayang wika at reperensiya ng salin. Nasuri din ang pag-iral ng mga salitang hango sa mga isina-Filipinong Ingles at Kastila na ibinatay pa rin kahingian at kakayahang pangwika ng mga mambabasa at tagagamit. May ilang salita ring nanatili na lamang ang orihinal nitong anyo pagkat ganap na inangkop mula sa simulaang lengguwahe.

Sa kabuoan, matingkad ang hangarin ng mga mananaliksik-tagasaling maging panulukang-bato ang pagsasalin ng mga termino na nomenklatura para sa paglikha ng mga hakbang pa sa intelektuwalisasyon ng Filipino sa institusyon ng lalong mataas na edukasyon, kapwa sa akademik at administratibong mga sektor nito.



MGA SANGGUNIAN

“Pamantasan.” *KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino*, 2021. Naakses noong 1 Hul 2023.

“Pamantasan.” *UP Diksiyonaryong Filipino*, edited ni Virgilio Almario, Ikalawang Edisyon, 2010, UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 901.

“Unibersidad.” *KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino*, 2021. Naakses noong 1 Hul 2023.

“Unibersidad.” *UP Diksiyonaryong Filipino*, edited ni Virgilio Almario, Ikalawang Edisyon, 2010, UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 1304.

Almario, Virgilio. *Batayang Pagsasalin: Ilang Patnubay at Babasahin para sa Baguhan*. Maynila, Komisyon sa Wikang Filipino, 2016.

Bhatt, Ibrar, Badwan, Khawla, Madiba, Mbulugeni. “Critical Perspectives on Teaching in the Multilingual University.” *Teaching in Higher Education*, bol. 27, blg. 4, 2022, 425-436. <https://doi.org/10.1080/13562517.2022.2058295>.

Buban-Sison, Raquel. “Ang Pagsasalang Teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga.” *Malay*, bol. 26, blg. 1, 2014, 117-127.

Edmonds, Philip at Hirst, Graeme. “Near-Synonymy and Lexical Choice.” *Computational Linguistics*, bol. 28, blg. 2, 2022, 106-144.

Gašpar, Angelina, Seljan, Sanja, Kučič, Vlasta. “Measuring Technology Consistency in Translated Corpora: Implementation of the Herfindahl-Hirshman Index.” *Information*, bol. 13, blg. 2, 2022, 43. <https://doi.org/10.3390/info13020043>.

Gonzales, Wilkins. “Hybridization.” *Philippine English*, edited ni Ariane Borlongan, Routledge, 2022, 170-183.

Javier, Jem. “Sosyolinggwistikong Pagsusuri sa Lexical Choice ng Kontemporaryong Gamit ng Wikang Filipino.” *The Legacy of Consuelo J. Paz: A Festschrift*, edited ni Wylan de la Peña, UP Center for International Studies, 2022, 90-108.

Komisyon sa Wikang Filipino. *Mga Pangalan ng Tanggapan ng Pamahalaan sa Filipino*. 2013.

Lopez, Cecilio. “Spanish Overlay in Tagalog.” *Lingua*, bol. 14, 1965, 467-504.

Malicsi, Jonathan. *Grammar ng Filipino*. UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 2013.

Philippson, Robert. “Linguistic Imperialism.” *The Encyclopedia of Applied Linguistics*, edited ni Carol Chapelle, John Wiley & Sons, Ltd, 2018, 1-7.

Republika ng Pilipinas. Executive Order No. 335. *Enjoining All Departments/ Bureaus/ Offices/ Agencies/ Instrumentalities of the Government to take such steps as are Necessary for the Purpose of Using Filipino Language in Official Transactions, Communications, and Correspondence*. 1988. <https://www.officialgazette.gov.ph/1988/08/25/executive-order-no-335-s-1988/>.

Santiago, Alfonso at Tiangco, Norma. *Makabagong Balarilang Filipino*. Rex Bookstore, 2006.

Shen, Yifu. “Research on the Word Order Adjustment of Translation from the Perspective of Thematic Meaning.” *Advances in Social Science, Education and Humanities Research (ASSEHR)*, bol. 300, 2018, 255-258.

Susam-Sarajeva, Sebnem. “The Case Study Research Method in Translation Studies.” *The Interpreter and Translator Trainer*, bol. 3, blg. 1, 2009, 37-56. <https://doi.org/10.1080/1750399X.2009.10798780>.

Wentzel, Lance, Fapohunda, Julius, at Haldenwang Rainer. “The Relationship between the Integration of CSR and Sustainable Business Performance: Perceptions of SMEs in the South African Construction Industry.” *Sustainability*, bol. 14, blg. 2, 2022, 1-22.

Yuvarlak, Bünyamin. “Pragmatics and Translation: A Relevance-Theoretic Approach.” *Grin*, 2016, <https://www.grin.com/document/998170>. Naakses noong 1 Hul 2023.

Si **ARIEL URSOLON BOSQUE** ay isang lisensiyadong propesyonal na guro at kasalukuyang katuwang na propesor sa Dibisyon ng Wika, Departamento ng Humanidades, Kolehiyo ng mga Agham at Sining, Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños. Siya ay nagtapos ng programang Master ng Sining sa Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, at programang Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino, sa *Rizal Technological University*, at nakatamo ng karangalang *Magna Cum Laude*. Nakapagsulat na siya ng mga teksbuk at reperensiyang aklat sa mga antas-sekondarya at tersiyaryo. Nakapaglathala na rin siya ng mga saliksik sa ilang lokal at internasyonal na akademikong *journal*, at nakapagrehistro na rin ng *copyright*, gaya ng mga isinaling materyal at produkto ng pananaliksik. Gumaganap din siya bilang Kawaksing Kasapi ng *National Research Council of the Philippines* sa ilalim ng Dibisyon VIII, Agham Panlipunan. Kabilang sa kaniyang interes sa pananaliksik ay ang Araling Wika, Araling Pilipino, IKSP, Etnoagham, at Pagsasalin.

Si **RICARDO H. MOMONGAN JR.** ay nagtapos ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon, medyor sa Filipino sa *Rizal Technological University (RTU)*, Cum Laude. Kinilala siya bilang RTU *Most Outstanding Students* (Rank 2). Natapos naman niya ang kaniyang Master sa Sining sa Filipinolohiya sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina. Kaugnay nito, kasalukuyan niyang tinatapos ang programang Doktor ng Pilosopiya sa Edukasyong Pangwika sa Filipino sa *Philippine Normal University*.

Bilang isang lisensiyadong guro, nagsilbi siya bilang *Classroom Teacher at Grade Level Team Leader* sa *College of San Benildo-Rizal* noong akademikong taon 2018-2019. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo sa Kagawaran ng mga Sining, Letra, Wika, at Humanidades ng RTU. Maliban dito, siya ay naitalaga rin bilang Puno ng Dibisyon ng Paglinang ng mga Programang Pangkomunidad at gumampan din bilang Koordineytor ng Serbisyong Pangkomunidad ng Kolehiyo ng mga Sining at Agham. Bunga nito, siya ay kasalukuyang nakatalaga bilang Direktor ng Tanggapan ng Ekstensiyon at mga Serbisyong Pangkomunidad ng RTU.

Bilang gurong-mananaliksik, nakapagbahagi siya ng mga saliksik sa institusyonal, rehiyonal, nasyonal, at internasyonal na kumperensiya at palihan. Bahagi ng kaniyang interes sa saliksik ay ang wika, panitikan, midya, at araling kultural. Higit sa lahat, siya ay mangingibig sa bayan kaya patuloy na nakikisangkot sa mga gawaing pangkomunidad at mga pananaliksik na nagsusulong ng Araling Maka-Pilipino.